

Tala: 1

Uterine Fibroids(includes abstract) Wood D; Andrews J; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010061921

Abstract: Ang mga fibroid ay bayanad (hindi nagiging cancer) na mga bukol sa panloob na balat ng matris. Ang matris ay isang reproductive organ kung saan lumalaki ang hindi pa ipinapanganak na sanggol. Madalas na tumutubo ang mga fibroid sa kalooban ng matris. Sa bihirang mga kaso, maaaring umumbok ang mga ito mula sa matris patungo sa mga kalapit na organ. Ang mga fibroid ay maaaring napakaliit o maaaring lumaki hanggang walong pulgada o higit pa sa diyametro. Kadalasan mayroong higit sa isang fibroid. Mga 20%-30% ng mga babaeng nasa edad na maaaring magbuntis, at kasingdami ng kalahati ng lahat ng mga babae, ay mayroong mga fibroid. Marami ang hindi nakakaalam nito. Karamihan ay walang mga sintomas hanggang sa kanilang mga huling taon sa 30s o 40s.

[View English](#)

Database: Consumer Health Information -- Tagalog

Uterine Fibroids

(Fibroids, Leiomyoma, Myoma, Fibromyoma)


ni: Debra Wood, RN

[\[View English Version\]](#)

Kahulugan

Ang mga fibroid ay bayanad (hindi nagiging cancer) na mga bukol sa panloob na balat ng matris. Ang matris ay isang reproductive organ kung saan lumalaki ang hindi pa ipinapanganak na sanggol. Madalas na tumutubo ang mga fibroid sa kalooban ng matris. Sa bihirang mga kaso, maaaring umumbok ang mga ito mula sa matris patungo sa mga kalapit na organ. Ang mga fibroid ay maaaring napakaliit o maaaring lumaki hanggang walong pulgada o higit pa sa diyametro. Kadalasan mayroong higit sa isang fibroid. Mga 20%-30% ng mga babaeng nasa edad na maaaring magbuntis, at kasingdami ng kalahati ng lahat ng mga babae, ay mayroong mga fibroid. Marami ang hindi nakakaalam nito. Karamihan ay walang mga sintomas hanggang sa kanilang mga huling taon sa 30s o 40s.

Uterine Fibroid



© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

Mga Sanhi

Ang sanhi ng mga fibroid ay hindi nalalaman. Maaaring maging sanhi ang genes at mga pagbabago sa mga sustansyang kumukontrol sa paglaki ng daluyan ng dugo upang ang mga babae ay maging mas madaling magkaroon ng mga fibroid. Pinapagana ng mga reproductive hormone ng babae ang pagtubo ng fibroid. Lumalaki ang mga fibroid sa pagbubuntis pagkatapos ay liliit pagkatapos manganak. Nagiging mas hindi

problema ang mga fibroid pagkatapos ng menopause . Gayunpaman, maaaring bumalik ang mga sintomas kasama ng hormone replacement therapy .

Mga Nagbibigay Panganib

Pinapataas ng mga salik ng panganib na ito ang iyong tsansang magkaroon ng mga fibroid:

- Kasarian: babae
- Edad: 13-50 taong gulang (edad ng pagbubuntis)
- Lahi: Itim

Sintomas

Ang mga sintomas ay mula sa wala hanggang sa banayad o malubha. Depende ito sa sukat at kinaroroonan ng mga tumor.

Kung mayroon ka ng alinman sa mga sintomas na ito, huwag isiping ito ay dahil sa mga fibroid. Ang mga sintomas na ito ay maaaring dulot ng iba pang mga kondisyon. Sabihin sa iyong doktor kung mayroon ka ng anuman sa mga ito:

- Pananakit sa buto ng balakang
- Pakiramdam ng presyon sa buto ng balakang
- Malakas na pagdurugo sa pagreregla
- Mga namuong dugo sa daloy ng regla
- Mahabang panahon ng pagreregla
- Pagdurugo sa pagitan ng mga panahon ng pagreregla
- Tuminding pamumulikat sa mga panahon ng pagreregla
- Pananakit habang nakikipagtalik
- Madalas na pangangailangang umihi
- Pagtitibi
- Pamamaga
- Lumaking matris, na nagbibigay ng itsurang buntis
- Pananakit sa ibabang bahagi ng likod o sa binti
- Pagkabaog sa pagbabara sa mga fallopian tube
- Pagkakakunan

Maaaring magkaroon ng iron-deficiency anemia kung malakas ang pagdurugo.

Pagsuri

Nakikita ng mga doktor ang karamihan ng mga fibroid sa karaniwang mga eksaminasyon sa buto ng balakang. Kinukumpirma ng ultrasound ng tiyan ang pagsuri. Maaaring isagawa ang transvaginal ultrasound upang kumuha ng mas malinaw na mga imahe. Maaaring ibilin ang isang CT scan o magnetic resonance imaging (MRI) sa mga kumplikadong kaso. Tinutulungan ng hysteroscopy ang doktor na makita ang loob ng matris. Ipinapasok niya ang isang manipis, may ilaw na kagamitan sa iyong puwerta at idadaan ito sa kuwelyo ng iyong matris. Habang isinasagawa ang proseso, maaaring magtanggap ang doktor ng maliliit na mga fibroid o bawasan ang sukat ng mga mas malalaking bukol.

Paggamot

Karamihan ng mga babaeng may mga fibroid ay walang mga sintomas at hindi nangangailangan ng paggamot. Maaaring irekomenda ng iyong doktor ang "mapagmatyag na paghihintay." Ginagawa ito upang subaybayan ang sukat at paglaki ng mga fibroid sa regular na pagitan gamit ang ultrasound.

Kasama sa mga paggamot ang:

Gamot para sa Pananakit

Naiibsan ang mga katamtamang sintomas ng di-nangangailangan ng resetang mga gamot para sa pananakit. Maaaring kailanganin ang mga nireresetang gamot sa pananakit. Binabawasan ng mga nonsteroidal anti-inflammatory drug ang pamamaga at nakakatulong na maibsan ang pamumulikat.

Hormonal Therapy

Ang mga gamot na hormone, na nagpapababa sa mga antas ng estrogen, ay isang pagpipilian kung hindi mo tinatangang magbuntis. Ang mga synthetic hormone ay nagdudulot ng di-tunay na menopause. Pinapaliit ng mga gamot ang mga fibroid. Binabawasan din ng mga gamot ang pananakit sa pagpapababa ng suplay ng estrogen sa matris. Gayunpaman, maaaring bumalik ang mga fibroid sa oras na itigil mo ang pag-inom sa mga gamot. Madalas na ginagamit ang mga gamot na ito upang paliitin ang fibroid bago ang operasyon.

Operasyon

Pinag-iisipan ang operasyon kung:

- Nagiging masyadong malaki ang matris.
- Ang mga fibroid ay nakakasagabal sa kakayahang magkaanak.
- Ang mga sintomas ay napakalubha.

Kasama sa mga prosesong pag-oopera ang:

Myomectomy

Ang myomectomy ay ang pagtanggap ng mga fibroid lamang at iniiwang buo ang matris. Maaari itong isagawa sa pamamagitan ng:

- Bukas na operasyon kung saan sangkot ang isang malaking hiwa sa tiyan
- Laparoscopy—paggamit ng may ilaw na tubong fiberoptic at nangangailangan lamang ng kaunting maliliit na mga hiwa
- Hysteroscopy—kung saan sangkot ang pagpapasok ng hysteroscope sa kuwelyo ng matris hanggang sa kalooban ng matris

Dahil pinepreserba nito ang matris, kadalasang isinasagawa ang myomectomy sa mga mas batang babaeng maaaring gustong magbuntis. Gayunpaman, maaari pa ring mahirap magbuntis. Ang operasyon ay hindi gaanong matagumpay kung mayroong maraming mga fibroid, dahil maaaring tumubo muli ang ilan.

Uterine Fibroid Ablation

Isang alternatibo sa operasyong pagtatanggal, ang uterine fibroid ablation (tinatawag ding myolysis) ay gumagamit ng init upang abalahin ang suplay ng dugo sa fibroid. Sanhi ito upang lumiit ang fibroid.

Total Hysterectomy

Ang total hysterectomy ay ang pagtanggap sa buong matris. Maaari itong isagawa sa pamamagitan ng hiwa sa puwerta o tiyan. Ang pagtanggap sa matris ay isang tumpak na paggamot para sa mga fibroid. Ngunit hindi ka na magkakaroon ng anak kung sumailalim ka sa operasyong ito.

Mga Pagpipiliang Di-Operasyon

Uterine Fibroid Embolization

Kailangan ng mga fibroid ang maraming suplay ng dugo upang lumaki. Kung walang dugo, liliit ang mga tumor. Maaaring isagawa ng mga doktor ang uterine fibroid embolization (tinatawag ding uterine artery embolization) upang pigilin ang daloy ng dugo. Gagawa ang doktor ng mga maliit na hiwa sa iyong singit. Magpapasok siya ng catheter sa iyong mga artery na nagdadala ng suplay ng dugo sa iyong matris. Pinapadaan ang mga maliliit na piraso ng plastic o gelatin sa catheter. Tutungo ang mga piraso sa mga fibroid at babarahan ang dugo upang hindi umabot sa mga tumor.

Nakatutok na Ultrasound Therapy

Ang nakatutok na ultrasound therapy ay hindi mapaminsalang paggamot gamit ang MRI. Ang prosesong ito ay maaaring hindi nararapat para sa mga pasyenteng labis ang timbang, may napakalalaking mga fibroid, o may maraming peklat mula sa dati nang mga operasyon sa tiyan.

[Pag-iwas](#)

Walang mga patnubay para sa pag-iwas sa fibroid dahil hindi nalalaman ang sanhi nito.

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

Pagkukunan: Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008

Numero ng Item: 2010061921